

# DAGLI

ANG OPISYAL NA PAHAYAGAN NG CARD MBA
TOMO 2 BILANG 3 | JULY - SEPTEMBER 2019

***Mahusay na pamumuno.*** *Nanumpa ang panibagong naitalagang mga Board of Trustee (BoT) ng CARD MBA. Sila ang magpapatuloy sa mahusay na pamamahala ng Asosasyon.*

## CARD MBA sa dalawang dekadang pagpapalakas ng komunidad



**San Pablo, Laguna** - Ipinagdiwang ng CARD MBA ang ika-20 anibersaryo nito ng pagpapalakas ng mga komunidad at pagbibigay ng pag-asa sa milyon-milyong pamilyang Filipino noong Setyembre 6, 2019.

Ang pagdiriwang ay dinaluhan nina Insurance Commissioner Dennis Funa at RIMANSI Executive Director Junjay Perez. Pareho nilang kinilala ang mahusay na pamamalakad ng Asosasyon na nagbibigay ng seguro sa malaking bilang ng populasyon sa bansa partikular sa mga mahihirap na komunidad.

Isinabay rin sa pagdiriwang ang pagkilala sa mga natatanging CARD MBA Coordinator para sa kanilang mahusay na pagganap sa pagpapabilis ng proseso ng pagkuha ng claims ng mga kasapi ng Samahan. Kinilala si Jovelyn Capuyan mula sa Visayas bilang 2019 Natatanging CARD MBA Coordinator.

Samantala, nanumpa naman ang mga bagong halal na Board of Trustees (BoTs) ng Asosasyon na sina Perla Munar, Teresita Villanueva, Remedios Gabriel, Cristita Salao, Nora Porley at Elizabeth Francisco. Sila ang magsisilbing boses ng iba pa nilang kasamahan sa rehiyon upang mas mapabuti pa ang serbisyo ng Samahan sa loob ng dalawang taong serbisyo kanilang pagsisilbi.

Sa nasabing selebrasyon, ipinakilala rin ang mukha ng CARD MBA sa anyo ni Super Carda na nagpapakita ng pag-asa sa bawat kasapi ng Samahan at mga pamilya nito.

## Butil ng Pag-asa

**Mensahe mula sa CEO ng CARD MBA**



**May S. Dawat**
**CARD MBA CEO**

Napakahalaga na lahat tayo ay magkaroon ng seguro. Ito ang layunin ng CARD MBA. Sa ika-20 anibersaryo ng CARD MBA, layunin namin na mas mapalawak pa ang aming pag-abot sa milyon-milyong Filipino. Sa pagkakataong kinakaharap nila ang mga hindi inaasahang pangyayari, nais din namin na naroon kami upang magbigay ng pag-asa sa pinakamabilis na pamamaraang aming makakaya.

Ang dalawang dekada ng pagseserbisyo ng Asosasyon ay mananatiling matibay na kaagapay ng lahat ng kasapi ng Samahan at mga pamilya nito. Ang makatulong sa panahon ng kawalan at walang kasiguruhan ang aming papel upang mapabilis silang makabangon mula sa pagkakadapa. Ito ang puso ng CARD MBA at ito ay magpapatuloy hanggang sa mabigyang proteksyon ang lahat ng nangangailangan.

Kabilang din sa bagong nahalal bilang bagong Independent BoT si Former Deputy Insurance Commissioner Vida Chiong. Nagpapasalamat naman si CARD MBA CEO May Dawat sa makabuluhang 20 taon ng CARD MBA at nangangakong mananatiling pag-asa ng mamamayang Filipino ang Asosasyon.

## Mas mabilis na serbisyong pangseguro

Nagbukas ang CARD MBA ng apat na panibagong Provincial Offices nito sa Las Piñas, Bukidnon, Surigao del Norte at Quezon Province sa ikatlong kapat ng taon upang makapagbigay ng mas malawak at mabilisang seguro sa mga pamilyang naroon. Layunin ng Asosasyon na magampanan nito ang ginawang istratehiya upang mas mapabalis ang pagbibigay ng benepisyo sa lahat ng protektado ng Asosasyon.

## AT-A-GLANCE

**Bilang ng Nakaseguro**
19,815,355

**Aktibong Kasapi**
5,567,324

**Nabayarang benepisyo**
(Mula Enero hanggang Setyembre 2019)
749,853 | PHP1.3B

**Nabayarang claims**
sa loob ng 8-24 strategy
95.26%

**CDRAP**
210,036 Family Packs
PhP19,678,902.83

**CARD MBA, Inc.**
A member of CARD MRI

(049) 562-2878
@CARDMBAOfficial